Australian Government

Job Services Australia
people • skills • jobs

Tumutulong sa iyo na magsimula ng isang maliit na negosyo: New Enterprise Incentive Scheme

Ang mga karapat-dapat na naghahanap ng trabaho na interesadong magsimula at magpatakbo ng isang maliit na negosyo ay maaaring makakuha ng tulong sa pamamagitan ng New Enterprise Incentive Scheme (NEIS) (Panukalang Insentibo Para Sa Bagong Negosyo).

Ang NEIS ay nagbibigay ng akreditadong pagsasanay para sa maliit na negosyo, payong pangnegosyo at pagtuturo para sa mga karapat-dapat na mga naghahanap ng trabaho, gayundin ng patuloy na suporta sa kinikita nang hanggang 52 linggo.

Tutulungan ka ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng NEIS na magpasya kung ikaw ay kukuha ng Certificate III sa Micro-Business Operations (Pagpapatakbo ng Maliit na Negosyo) o Certificate IV sa Small Business Management (Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo). Ito ay magiging batay sa uri ng binabalak mong maliit na negosyo. Sa panahon ng pagsasanay ikaw ay gagawa din ng isang planong pangnegosyo na kailangang aprubahan ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng NEIS.

Kung naaprubahan ang iyong planong pangnegosyo, ikaw ay tatanggap ng Tulong mula sa NEIS:

- Panggastos mula sa NEIS nang hanggang 52 linggo
- Tulong sa Upa mula sa NEIS nang hanggang 26 na linggo (kung karapat-dapat)
- Pagtuturo at suporta sa negosyo sa loob ng unang taon ng pagpapatakbo ng negosyo.

Tandaan: Maaaring magpasya ang mga tumatanggap ng Disability Support Pension (Pensiyong Pansuporta para sa May Kapansanan), Carers Payment (Kabayaran para sa mga Tagapag-alaga), Parenting Payment (Single) (Kabayaran sa Pagiging Magulang (Nagsosolo) at ilang mga pensiyon mula sa Department of Veterans' Affairs (Kagawaran ng mga Kapakanang Pangbeterano) na manatili sa mga kabayarang ito habang nakikilahok sa NEIS.

Sino ang maaaring lumahok?

Upang makilahok sa NEIS ikaw ay dapat na rehistrado sa isang tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia. Maaaring sabihin ng iyong tagapagbigay-serbisyo kung ikaw ay karapat-dapat. Kailangan din na ikaw ay:

- hindi bababa sa 18 taong gulang kapag ikaw ay magsimulang tumanggap ng Tulong mula sa NEIS
- may oras na makilahok sa kinakailangang pagsasanay at magtrabaho nang full time sa iyong panukalang negosyo sa NEIS*
- hindi isang may-utang na bangkarote
- hindi pa tumanggap ng Tulong mula sa NEIS para sa katulad na gawaing pangnegosyo
- hindi pa tumanggap ng Tulong mula sa NEIS sa nakaraang dalawang taon

* o pinapayagang mas mababang oras kung ang tao ay natasang may bahagyang kakayahang magtrabaho, o binawasang mga pangangailangan para sa pakikilahok sa trabaho, o iyong mga boluntaryo sa mga serbisyong pantrabaho.

Gayundin, ang iyong negosyong NEIS ay dapat na:

- hindi pa kasalukuyang tumatakbo bilang isang tindahan
- independiyente, kayang makatagal sa masusing pagsisiyasat ng publiko at naaayon sa batas,
- natasa ng tagapagbigay-serbisyo ng NEIS na maaari itong maging-isang natutustusang negosyo
- hindi batay sa pagbili o paghalili ng isang umiiral na negosyo
- hindi direktang nakikipagpaligsahan sa umiiral na mga negosyo, maliban na lamang kung maaaring ipakita na may pangangailangan para sa produkto o serbisyo na hindi napupunuan, o ibibigay ang produkto o serbisyo sa isang makabagong paraan
- itinatag, matatagpuan at gumagana lamang sa loob ng Australia
- nasa isang lugar na may kakulangan sa mga kasanayan para doon sa di gaanong nadidisbentaheng mga naghahanap ng trabaho.

Ang iyong mga pananagutan

Ikaw ay kinakailangang magpatakbo ng iyong negosyong NEIS alinsunod sa iyong planong pangnegosyo, at tumugon sa lahat ng mga kondisyon sa iyong NEIS Participant Agreement (Kasunduan ng Kalahok sa NEIS). Kung sa anumang dahilan ay nais mong palitan ang paraan ng pagpapatakbo ng iyong negosyo (katulad ng iyong lokasyon o mga oras ng pagpapatakbo), kailangan mong talakayin ang mga pagbabagong ito sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng NEIS bago ka gumawa ng anumang aksiyon. Kung ikaw ay gumawa ng mga pagbabago sa pagpapatakbo ng iyong negosyo nang walang pahintulot, maaaring isuspinde ang iyong mga kabayarang Panggastos mula sa NEIS.

1FS09446JSA/tagalog

Ang iyong karapatan sa pagiging pribado

Ang iyong personal na impormasyon ay protektado ng *Batas sa Pagiging Pribado 1988 (Privacy Act 1988)* at ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaaring maging protektado din ng *Batas ng Social Security (Pang-administrasyon) 1999 (Social Security (Administration) Act 1999)* (gaya halimbawa, kung ikaw ay tumatanggap ng suporta sa kinikita). Ang iyong impormasyon ay maaaring ibahagi sa pagitan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng NEIS, mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, ng Department of Education, Employment and Workplace Relations (Kagawaran ng Edukasyon, Trabaho at mga Ugnayan sa Lugar Pantrabaho) (DEEWR), Centrelink at iba pang mga kagawaran at ahensiya ng Pamahalaang Australia, upang ang mga organisasyon ay makapagbigay sa iyo ng pinakaangkop na mga serbisyo na tutugon sa iyong mga pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagiging pribado, magtanong sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng NEIS at Job Services Australia, DEEWR o bumisita sa **privacy.gov.au**.

Ang aming garantiya ng serbisyo para sa iyo

Garantiya ng Serbisyo

Ikaw ay tatanggap ng mga serbisyong NEIS na ibinibigay ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng NEIS sa loob ng unang 12 buwan ng pagpapatakbo ng negosyo. Isasaalang-alang ng mga serbisyong ito at iyong kalagayan at pinagmulan. Upang tunghayan ang lahat ng mga Garantiyang Pangserbisyo bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Mga Alituntunin ng Panunungkulan

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng NEIS ay kinontrata upang maghatid ng mga serbisyong nauukol sa NEIS na pinondohan ng Pamahalaang Australia at sumang-ayon at nakalaang tumupad sa Employment Services Code of Practice (Alintuntunin ng Panunungkulan ng Mga Serbisyong Pantrabaho). Upang mabasa ang Alintuntunin ng Panunungkulan bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa 13 17 64 o bumisita sa deewr.gov.au/jobservicesaustralia.